

PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE
News and Information Bureau

**PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH HOSTED BY PCOO UNDERSECRETARY
ROCKY IGNACIO AND ALJO BENIDJO**
November 27, 2020 (11:03 A.M. – 12:14 P.M.)

USEC. IGNACIO: Magandang umaga, Pilipinas. Tuluy-tuloy po ang ating paghahatid ng mahahalagang balita't impormasyon kaugnay pa rin sa krisis pangkalusugan na ating nararanasan.

ALJO BENDIJO: Magandang umaga Usec, at ngayon po ay araw ng Biyernes. Kasama ang mga kawani ng pamahalaan muli nating pag-uusapan ang mga napapanahong isyu ng bayan sa loob ng isang oras ng makabuluhang talakayan, ako po si Aljo Bendijo.

USEC. IGNACIO: At sa ngalan po ni Secretary Martin Andanar, ako po si Usec. Rocky Ignacio. Ito ang Public Briefing #LagingHandaPH.

At upang sumagot sa mga tanong ng bayan, maya-maya lamang ay makakasama natin sa programa sina Secretary Leonor Briones ng Department of Education; DepEd Undersecretary Diosdado San Antonio; DepEd NCR Regional Director Malcolm Garma; DepEd CALABARZON Regional Director Wilfred Cabral; PNP Spokesperson BGen. Ildebrandi Usana; Mayor Lenyabelle Santos ng Malinao, Albay.

ALJO BENDIJO: Makakasama din natin sa paghahatid ng mga balita ang mga PTV correspondents mula sa iba't ibang probinsiya at ang Philippine Broadcasting Service.

Samantala, para po sa inyong mga katanungan, maaaring kayong mag-comment sa live streaming ng ating programa sa PTV Facebook page.

At para po sa mga balita: Senator Christopher "Bong" Go suportado ang Pangulo sa desisyon nitong huwag munang pangalanan ang mga sangkot sa mga anomalya sa DPWH. Para sa iba pang mga detalye, narito po:

[VTR]

ALJO BENDIJO: At samantala, makibalita tayo sa mga programang ipinatutupad po ng Philippine National Police at iba pang mga update sa kanilang operasyon lalo pa't nalalapit na ang Kapaskuhan, makakausap natin si PNP Spokesperson BGen Ildebrandi Usana. Heneral Usana, magandang umaga po.

PNP SPOKESPERSON BGEN USANA: Magandang umaga din po, Sir Aljo at kay Ma'am Usec. Rocky. Magandang umaga rin po sa inyong tagasubaybay.

ALJO BENDIJO: Opo. General, hindi po bago itong programang magbabawas po o pagbabawas ng timbang ng atin pong mga pulis at marami ng mga pinuno po ng

Philippine National Police ang gumawa ng ganitong uri ng programa. Pero ang tanong po nila, parang lulubog-lilitaw lang daw ito. Ano po ang magiging kaibahan nito sa ilalim po ng pamumuno ni PNP Chief Debold Sinas, General?

PNP SPOKESPERSON BGEN USANA: Sa Philippine National Police po, evolving po talaga iyong mga pamamaraan ng pag-physical fitness ng ating mga kapulisan. Kung naaalala ninyo po, maaaring nagsimula din ito noong panahon ng ating butihing Chief PNP na ngayon ay Senator Ping Lacson, iyong dapat size 34 ang size ng waistline 'no ng ating mga kapulisan.

Pero binalangkas po ng ating mga health professionals sa PNP iyong dapat na timbang at taas at iyong tinatawag nga po na Body Mass Index upang mabigyang pansin iyong tamang kalusugan ng ating mga kapulisan.

Ngayon, ang ating Chief PNP ay nagpapatupad na naman po, ang ating kapulisan ng panibagong pamamaraan upang mapanatili ang kanilang kalusugan, ang physical fitness through what is known as the '4-minute exercise.' Hindi po kaila sa atin, karamihan halos sa mga pulis natin kung puwede nga ay maiwasan ang paglaganap ng COVID-19 pandemic.

So as a result, nag-isip po ang ating pamunuan noong siya po ay nasa Regional Director ng NCR Police pa itong 4-minute exercise na naging mabuti naman po ang naging resulta dahil kahit po nasa opisina ang ating mga kapulisan, mayroon po silang pamamaraan to do exercises and this will eventually be adopted nationwide.

At hindi naman po iniwan iyong dati ng mga nakagisnan na na pamamaraan na pag-eehersisyo tulad po noong naumpisahan din ng ating Chief PNP Gamboa, iyong Body Mass Index monitoring mechanism. At dito po natin masasalamon kung ang ating mga kapulisan, on their own, nag-i-initiate ng mga iba pang pamamaraan upang mag-ehersisyo and as a result, mababawasan po ang mga timbang ng mga matataba; at iyon naman pong mga mapapayat, kailangan pong i-adjust din po nila ang kanilang timbang accordingly. Every month po ay magkakaroon po ng monitoring at kung sinuman po ang hindi nakaka-comply sa ganitong panuntunan, mayroon pong epekto po ito sa kanilang schooling or promotion and even placement po sa iba-ibang mga unit assignments po.

ALJO BENDIJO: Wala ho ba itong aspetong pagdidisiplina po, halimbawa kung hindi po masunod ang kanilang BMI, mayroon po ba tayong ipapataw sa kanilang disciplinary action or administrative sanction, General Usana?

PNP SPOKESPERSON BGEN USANA: Well, the fact that there was already an issuance of the policy as regards iyong physical fitness para sa ating mga kapulisan, kung mayroon pong mga defiance being made by some of our police personnel, then certainly po ay mayroon pong nakaakibat po doon na sanctions especially if this is meant naman para sa kabutihan nila pero hindi po nila ginagawa.

Naalala ninyo po noong sinabi rin po ng ating Chief PNP Gamboa na para sa atin din po itong pamamaraan ng ehersisyo kasi mga bandang 45 ay nag-uumpisa na ho ang sakit ng ilang sa mga kapulisan natin because of the hazards of our work. And we do not want that our police officers be affected or afflicted with diseases as a result of non-compliance sa exercises requirement po.

ALJO BENDIJO: Opo. Maiba po tayo, General. Ilan na po ba ang mga bilang ng mga pulis ngayon na tinamaan po at binawian ng buhay dahil pa rin sa COVID-19? Kumusta po iyong ibinabahagi nating tulong pinansiyal para po sa kanila, para sa hanay po ng PNP lalung-lalo na sa mga pulis na namatay po?

PNP SPOKESPERSON BGEN USANA: Well, lumalabas po sa ating latest data as of 6 P.M. ng November 26, kahapon po ito, there are a total of 8,008 number of cases at base po ito sa 7,601 recoveries, 381 total number of active cases. And out of this total number of cases, mayroon pong 31 na bago po na nai-report. Nananatili pa rin po ang mga namatay at 26, and we hope na hindi po reflect iyong panibagong mga data regarding these ones and instead mayroon pong nag-i-increase pagdating po sa mga recovery.

Nagiging positive iyong direksyon ng ating pamamahala sa usapin ng protocols para sa ating mga kapulisan, and as a result, less and less number of infections ang nangyayari po sa ating mga nasasakupan po within the PNP.

BENDIJO: Opo. Sinuspinde ni PNP Chief Debold Sinas po ang localization ng cops deployment. Ito po iyong pagbalik ng mga pulis sa kanila pong mga home provinces para doon po mag-report. Ano po ang naging epekto nito, General Usana, sa operasyon po ng Philippine National Police?

BGEN. USANA: Wala naman po talagang significant effects ang pagpapahinto kasi tayo naman po talaga ay national in scope and nakikita po natin na iyong reaksiyon ng mga kapulisan doon po sa pag-prime po ng ating Chief PNP is just normal dahil mayroon po tayong polisiya pagdating po sa mga pagpu-process ng mga transfer and reassignment ng ilan sa mga kapulisan.

Kung titingnan po natin iyong nakaraang naupo ang ating dating Chief PNP General Cascolan, within 2 months' time, mga about close to 5,000 iyong nagkaroon ng mga transfer orders. But it has effect doon po sa mga placement and eventually dito po sa mga adjustment made doon po sa mga local police, kasi we need to strike the delicate balance between the need of a particular unit na nangangailangan ng mga kapulisan lalo na dito po sa NCR.

Meanwhile, we also have to consider iyon pong pandemic. We do not want anticipate na iyong pag-transfer ng mga kapulisan natin sa iba-ibang lugar kahit na ito ay malapit sa kanilang mga pamilya ay makakaapekto po doon dahil po ang ating iniwasan na makahawa sa iba pang lugar ay magresulta po ito ng repercussion dahil sa mga communities na gagalawan ng ating mga kapulisan.

And third, mayroon po kasing mga kaso na hinahawakan ang mga kapulisan na kung hindi po nila tutugunan lalo na sa mga court orders for them to appear and this may also lead to expenses on their part, sila rin po ang mamumroblema. So we'd rather na iyong ating mga kapulisan to stay put at kung mayroon namang mga transfer request, mayroon pong proseso na dapat nilang sundin katulad na rin po iyong losing unit at saka iyong gaining unit – these are all to be considered pagdating po sa mga ganiyang bagay. Ang sabi naman po ng ating Chief PNP, we have policy to be implemented and let that policy be done.

BENDIJO: Maiba po tayo, General Usana. Eh tradisyon po ng mga Katolikong Pilipino ang Simbang Gabi. Ngayong nalalapit na po ang Kapaskuhan, paano po natin ito pinaghahandaan katuwang ang atin pong mga pulis, miyembro ng PNP? Kumusta po iyong coordination efforts ninyo with local government units?

BGEN. USANA: We really are expecting po that there is a rise in public convergence lalung-lalo na po iyong ina-anticipate po nating Misa de Gallo. But the IATF guidelines, especially iyong DOH protocols must have to be complied with 'no. So nakikita po natin iyong need for us to communicate, time and again, with our people na hangga't maaari maiwasan po itong pagdadagsa sa iba-bang mga lugar, ito po man ay mga nasa churches, mga malls, mga free market, iyong mga tiangge kasi ito po iyong pagkakataon na magbibigayan ang mga tao. Pero sa ngayon sa pandemic, siguro we have to sacrifice a little dahil nga po para na rin ho ito sa kapakanan ng mga mamamayan.

So our police officers, they'll have to be more visible than ever pagdating po sa pagri-require sa ating mamamayan to observe minimum health protocols pagdating po sa ganitong bagay. And of course, pagdating po sa church dahil mayroon po tayo iyong ina-anticipate na Misa de Gallo, maybe the church itself will have to properly decide on the basis of the protocols being required by the government kung ano ang dapat nilang i-comply at lalo na po nakakausap naman po ng ating mga nasa simbahan iyon pong mga government officials na nag-i-impose ng mga ganitong protocol po.

BENDIJO: Opo. Paalala na lang, General Usana, sa atin pong mga kababayan na dadalo po sa mga misa at kung ano pang mga activities na mayroon po sila ngayong Kapaskuhan.

BGEN. USANA: Nananawagan po kami sa mga mamamayan, ito po iyong pagkakataon that we live in a new normal and we hope sumang-ayon po tayo para na rin sa ating ikabubuti lalung-lalo na sa ating mga miyembro ng pamilya. At nananawagan po ang ating Chief PNP sa ating mga kapulisan, i-implement po natin ang requirement ng DOH, pati na rin ang IATF guidelines with regard to minimum health standards pagdating po sa pagsugpo o pag-iwas na maimpeksiyon nito pong COVID-19.

BENDIJO: Ipinagbabawal pa rin po itong Christmas caroling. Kapag mayroon po kayong mga mahuhuli po, ano pong parusang nag-aantay po sa kanila lalo na sa mass gathering po?

BGEN. USANA: Well, ang caroling po ay isang tradisyon pero sabi ko nga po under the new normal, as much as possible avoid ito pong mga pagkakataon na tayo ay lumalabas, pumupunta from place to another. At siyempre ang karamihan din iyong mai-involve iyong mga kabataan, so ang gusto natin ho kahit papaano iyong mga parents, pati na rin po iyong mga iba pang miyembro ng pamilya, maabisuhan ang kanilang mga miyembro na gustong magpunta sa iba-ibang lugar para mangaroling ay iwasan po muna. Siyempre ganoon na rin po sa mga adults, ipinagbabawal po natin ito sa mga kabataan, dapat mas alam na ng mga adults kung ano ang tamang gawin under this new normal po.

BENDIJO: Sa pangkalahatan, mensahe na lang General Usana sa taumbayan.

BGEN. USANA: Muli po sa ngalan po ng ating butihing Chief PNP, kami po, Philippine National Police ay handa pong magserbisyo para sa lahat ng mga mamamayan natin na nangangailangan ng tulong at assistance and we hope that we be able to build iyong better relationship with the community lalo na po sa pagsapit ng Pasko, ito po iyong pagkakataon na dapat tayo ay nagsasaya pero kailangan po natin sundin ang panuntunan pagdating po sa ating kalusugan.

Nawa'y wala pong increase ng ating mga infection ay siguro mas ma-address pa by way of decreasing it otherwise. So makikita po natin iyong efforts ng Philippine National Police, they serve as frontliners together with other partners in this case and we hope na mas makabuluhan po ang ginagawa po ng ating mga kapulisan by seeing our people comply with these requirements from the DOH po. Marami pong salamat.

BENDIJO: Maraming, maraming salamat PNP Spokesperson Brigadier General Ildebrandi Usana.

BGEN. USANA: Thank you po.

USEC. IGNACIO: Sa kabila po ng COVID-19 pandemic, patuloy ang pagtutok ng ating mga mag-aaral, kaugnay diyan kumustahin natin ang lagay ng sektor ng edukasyon sa gitna ng blended learning system. Makakausap po natin ang ating mga panauhin mula po sa DepEd, sina Secretary Leonor Briones, Undersecretary Diosdado San Antonio, NCR Regional Director Malcolm Garma at CALABARZON Regional Director Wilfred Cabral. Magandang umaga po sa inyong lahat.

Uunahin ko na muna po ang katanungan ng ating mga kasamahan sa media. Mula po kay Virgil Lopez ng GMA News, para po kay Secretary Briones: *Should the Office of the Vice President continue the operation of its community learning hubs given your earlier pronouncement that the project is not sanctioned by DepEd?*

DEPED SEC. BRIONES: Maliwanag na maliwanag sa exchange of letters namin at saka sa aming paliwanag na pinadala sa Presidente as early as August 23. Nag-umpisa itong exchange ng letters namin August 20 pa at walang commitment na ginawa o binigay ang Department of Education na magkaroon ng face-to-face learning dahil ang buong bansa, alam na alam naman nila na prior to the SONA speech of the President, sinabi na niya

na ipinagbabawal niya iyong face-to-face learning at iyan ay ini-implement ng Department of Education.

Mukhang nagkaroon ng miscommunication pero may exchange of letters kami which we have made public dahil pinadala naman namin iyon sa Presidente at walang phrase or word na nagsasabi na you are authorized to proceed with your program. Ang sagot namin doon ay humingi kami ng description, further explanations, etcetera but hindi kami nagbibigay ng permiso dahil alam namin ang pronouncement ng Presidente.

USEC. IGNACIO: Tanong pa rin po mula kay Virgil Lopez ng GMA News: Is the DepEd satisfied po with the 2021 budget of the department in terms of meeting the online modular learning requirements?

SEC. BRIONES: Alam ng DBM, ng Department of Finance at saka ng Department of Education na pinakamagastos talaga iyong paggamit ng modules halimbawa, dahil sa blended learning iba't ibang paraan sa pag-transmit ng learning process sa mga bata. At alam na alam naman natin lahat na pinakamahal, pinaka-expensive at pinakamabusisi iyong printed modules. Pero noong June noong nag-enroll ang mga bata, sinabi nila gusto nila ang paggamit ng modules, gusto ng parents na gagamitin ang modules, gusto ng teachers na gagamitin ang modules pero alam namin na unsustainable ito.

Pero handa kami for the rest of the academic year, dahil naka-budget naman iyan, as a matter-of-fact, na-download na ang pera. Kasi sa regional level at sa school level ang pag-produce nitong mga modules na ito at na-download na ang kailangan na pera at lahat. Ang sabihin lang namin, ang sinasabi lang namin na mahirap na i-sustain ito, dahil napaka-dangerous, napakagastos sa papel, sa pagputol ng ating kahoy, sa pag-protect ng ating environment na kailangan isipin din natin. So, gusto nating i-encourage ang ibang paraan para sa pag-transmit ng learning process tulad ng paggamit ng aming ICT, ang aming modules—no, not modules but really ICT and DepEd Commons and naka-produce na tayo ng more than 200 television program, radio programs at iba't ibang paraan.

So iyong blended, kaya nga ang tawag ay blended dahil iba't ibang paraan na naka-contextualize kung saan ito ay appropriate. Pero iyong as I said iyong paggamit ng modules, gusto nating i-limit ito dahil may limit ang ating budget, may limit ang ating environment at may limit din ang ating pang-pinansiya sa kabuuang ng bansa.

USEC. IGNACIO: Secretary, may pahabol pong tanong si Leila Salaverria ng Inquirer. Ang taong po niya sa inyo—hihingi lang po siya ng clarification kung hahayaan pa din ba ng DepEd ang pag-operate ng OVP Community Learning Hubs or pipigilan po ba ng DepEd ito?

SEC. BRIONES: Ang DepEd, wala namang authority. Kasi ang authority nandiyan tungkol sa face to face learning ay nasa Presidente. Ang amin lang sinasabi dahil in-announce ng isang peryodiko na mayroon kaming partnership sa OVP, eh sinasabi naming walang partnership, walang pinirmahan, walang agreement, exchange of letters,

exchange of opinions na provided naman ang Office of the President, ang PMS at saka ang Executive Secretary ng kopya ng mga sulat na ito.

Wala kaming awtoridad na patawan ng parusa or anuman ang OVP dahil wala iyan sa aming mandate sa Department of Education, Iba sigurong ahensiya ng gobyerno ang tumitingin diyan.

USEC. IGNACIO: Opo, tanong naman po mula kay Joseph Morong ng GMA 7: When can we see face to face classes happening? Kasi nga daw po iyong posibilidad na magkaroon na daw po ng bakuna.

SEC. BRIONES: Iyon ang pronouncement ng President. Ang aming commitment sa President na sinabi namin during the last Cabinet meeting as early as October, sinabi na namin na gagawa kami, magsusumite kami ng report sa Presidente kung ano ang ating karanasan sa pagbukas ng klase last October 5 at ang mga issues na lumalabas, isa na dito iyong possibility of limited face to face. Pero una, we even clearly said na it's very likely to be limited, it will largely be influenced also by the advice of the IATF and the Department of Health at saka continues monitoring at saka kung saang mga lugar ito puwedeng i-apply.

Pero for this academic school year hanggang December, walang ganoong policy, walang pagbabago sa pronouncement ng Presidente. Dahil ang President lamang ang makabago ng policy na siya mismo ang nag-announce. He announced it before the SONA, during the SONA and on many public events. Buong bansa alam na pinagbabawal niya iyon at kung kailanman man iyan mangyayari, hindi natin masasabi, kasi ang Presidente ang magdi-decide. At saka iyong availability ng vaccines, regular naman iyan na nire-report ng ating IATF, ng ating czar para sa vaccine. It seems na hindi naman ganoon kadali considering na we have a population of 100 million na masigurado natin na safe na at lahat ng Pilipino ay magkaroon na ng vaccine. So, iyon ang mga considerations.

Sasabihin ko na wala kaming authority na mag-reverse ng desisyon ng ating Pangulo.

USEC. IGNACIO: Opo. Salamat, Secretary. Punta naman po ako kay USec. Diosdado San Antonio. Usec, ayon po sa ACT partylist ay hindi daw po napakinabangang ng ilang mga bata ang modules dahil delayed itong ibinigay sa kanila. Nagsayang diumano lamang kayo ng pondo sa pag-imprenta nito, totoo po ba ito, Usec?

USEC. SAN ANTONIO: Ang pagkakaalam ko po ang printing ay nasa ano naman po iyan di ba, nasa local units namin sa mga paaralan, division offices at sang-ayon naman po sa aming monitoring ay may mga nagamit na mga self-learning modules ang ating mag-aaral simula ng unang araw na magbukas ang pasukan. Iyon pong mga sinasabi nila ay ibina-validate po namin iyong information.

Nauunawaan namin na iyon pong iba na parang nag-procure din iyong mga division offices ay maaaring na-delay iyong delivery, pero po ang mga usapan naman namin kasi sa mga regional directors at superintendents, habang po ang mga self-learning modules

ay hindi pa available kung nagkaroon din ng pagkaantala ang pagiging available nito ay may ginawa naman po silang paraan na ang mga bata ay tuluy-tuloy din sa mga ginagawa nila upang matuto at mapalalalim ang pagkakaalam, pagkakaunawa sa mga bagay-bagay na dapat nilang matutunan sa pasukang ito.

USEC. IGNACIO: Usec. San Antonio, may datos na po ba ang DepEd kung ilan ang bilang ng mga apektadong guro at estudyante dahil po sa sunud-sunod naman na hagupit ng mga bagyo at ano po iyong tulong na ipinapaabot ng DepEd sa kanila?

USEC. SAN ANTONIO: Mayroon po tayong datos, mahina po akong mag-memorize ng numbers, pero may datos po ang ating Disaster Risk Reduction Management Service at alam naman po ninyo sa DepEd, maliban po sa ipinalabas na mabilisan na mga pondo ng tanggapan ni Usec. Ann Sevilla sa utos po ni Secretary Liling ay iyon pong personal na mga tulong namin na buhay na buhay po ang bayanihan at pagdadamayan sa Kagawaran ng Edukasyon.

Tuluy-tuloy din po ang pagdaloy ng mga voluntary financial contributions para sa mga kasama naming guro sa mga nasalanta ng bagyo at mga baha Region V, Region II, bahagi ng Region IV-A at Region III. So pakiramdam ko po ay iyong mga tulong na sinasabi ay hindi naman po iyan nawawala, kahit anong klaseng mga sakuna o mga emergency ang nararanasan natin na nakakapag-ano po tayo niyan. At ang alam ko po kahit ang tanggapan ni Secretary Liling ay nagpadala rin ng mga bigas sa aming mga kasamang kawani ng DepEd sa mga field offices po na may mga naapektuhan.

USEC. IGNACIO: Usec. San Antonio, pinag-iisipan n'yo po ba daw ang pagkakaroon ng make up classes sa mga apektadong lugar?

USEC. SAN ANTONIO: Dati ng ginagawa namin na kapag nagkakaroon ng mga class suspensions pinapayagan iyong make up classes. So pinag-aaralan po natin kung paano ito gagawin dito sa naapektuhan na lugar kasi nga po noong nag-utos po si Secretary Liling na maglabas ang tanggapan namin ng academic ease ay hinabaan na rin namin iyong quarter 1. Ang isa pong nakikita ko, kung talaga pong kailangang-kailangan na tuluy-tuloy iyong pag-aaral, iyon pong last week ngayon December, iyong linggo po bago mag-December 19 iyong last day of classes dapat po inset iyan.

So, dapat ang mga bata ay walang gagawin diyan, iyang limang araw, anim na araw na iyan po ay puwede pang magamit as make-up class days ng ating mga mag-aaral. So, kung kulang pa po iyan pag-uusapan namin kung ano po ang mga paraan sa mga lugar na napahaba ang class suspensions. Pero po iyong mga hindi naapektuhan maliwanag po na iyong school calendar natin as adjusted iyon na po ang masusunod, June 11 po iyong last day of classes.

USEC. IGNACIO: Opo. Para naman po kina Regional Director Garma at Regional Officer Cabral. Nakapagbigay na po ba ng pigura ang inyong Division Offices kung gaano karami ang modules, ang mga nasira at kailangang i-reprint. Unahin ko na po muna si Director Garma.

DIRECTOR GARMA: Magandang umaga po, Usec. Rocky at sa atin pong tagapanood. Dito po sa National Capital Region, ang talaga pong tinamaan ng Bagyong Ulysses ay iyong Lungsod po ng Marikina. So, halos lahat po ng ating mga paaralan ay kung hindi man ho nagamit na evacuation center ay talaga pong nalubog sa baha at kasama po diyana sa mga nalubog sa baha na mga eskuwelahan ay iyong mga gamit at isa nga po ang module.

Usec. Rocky, ayon po huling tala namin, hindi po iyong bilang, kung hindi iyong amount na na-imbentaryo na po ng ating Division of Marikina City ay umaabot po sa mahigit-kumulang mga 6.8 million po ang halaga ng mga modules po na nalubog o nasira dahil po sa pagbaha. At kahapon lamang po ay lumabas na po iyong amount na ida-download po natin sa Lungsod ng Marikina at saktung-sakto naman po, Usec. Rocky, dahil more or less seven million po ang nakalaan para po sa replacement ng mga modules para po ito sa Lungsod ng Marikina.

Maraming salamat po, Usec.

USEC. IGNACIO: Opo. Director Cabral?

DIRECTOR CABRAL: Magandang umaga po. Dito po sa Region IV-A, ang higit na apektado ng Bagyong Ulysses ay ang lugar o part ng Quezon at *base po* sa ating imbentaryo ay mayroon pong 35, 052 self-learning modules na naapektuhan at nasira, at saka iyong 331 na mga computer units - nabaha din, at 50 units ng printers. May kabuuang halaga na thirteen million one hundred ninety-eight thousand.

Tapos, sa ano na iyan, na-damage na mga materials ay nagbaba na po ang ating Central Office ng pondo para mapalitan po ang mga learning materials na ito. Dahil din po sa bagyo ay nai-record din po natin ang mga nasira sa mga infrastructures, buildings, iyong ating mga school furniture at mga upuan ng mga guro at mga mag-aaral – nagkakaroon ng bilang o halaga na 222 million base sa nakalap ng ating radar team na nag-conduct ng inspeksiyon sa mga paaralan na naapektuhan ng bagyo.

Maraming salamat po at magandang umaga.

USEC. IGNACIO: Para naman po kay Regional Director Garma. Ano po iyong patakaran ng DepEd sa pondo at proseso ng pag-reprint po ng modules? Gaano naman daw po ito magiging mabilis para magawa?

DIRECTOR GARMA: As soon as makuha po ng Lungsod ng Marikina iyong nararapat pong pondo para sa kanila ay kagyat pong makikipag-ugnayan iyong ating SDO-Marikina para po sa procurement nito. At para ho mahabol natin iyong first grading period na karamihan po dito sa mga nabasa nating module ay kabilang po ito sa first grading period, ang pinakamabilis po na paraan ay iyong tinatawag po nating agency-to-agency procurement na lang at ng sa ganoon ay mas mabilis po, hindi na ho tayo bibilang ng araw para po sa regular na bidding.

So, iyan po ang planong gawin ng Lungsod ng Marikina, Usec. Rocky.

USEC. IGNACIO: Opo. Para naman po kay Director Cabral. Ano naman po ang ginagawa ng DepEd upang hindi malagay sa alanganin iyong kaligtasan po ng mga estudyante kapag nagsusumite sila ng mga sinagutang module?

DIRECTOR CABRAL: Pagkatapos po noong maglagay po ng announcement na mayroong bagyo, ang atin pong mga paaralan ay nagkaroon kaagad ng pulong at isa na rito ang pagsuspende ng distribution at retrieval ng mga learning modules mga paaralan. Pagkatapos din po ng bagyo [*choppy audio*] suspension na di-deliver at pagri-retrieve ng mga modules para masiguradong ligtas ang ating mga mag-aaral, ang ating mga guro at ang mga pamilya.

Sa katunayan po ay humingi rin ng kapahintulutan, ng authority from the Office of the Secretary na [*choppy audio*] limang [*choppy audio*] iyong learning activity ng limang munisipiyo sa Rizal, apat na barangay sa Antipolo City at ilang eskuwelahan po sa Quezon para po maka-recover iyong ating magulang, ang ating mga mag-aaral at maituon ang kanilang pansin sa pagsasaayos ng mga nasira at mga naapektuhang tahanan.

So, ito po ay ginagawa natin para maramdaman ng ating mga tao, ng ating mga mag-aaral na may malasakit tayo lalo't higit kung sila ay dinaanan ng kalamidad.

USEC. IGNACIO: Director Cabral, pasensiya na, ulitin lang po natin kasi po nagputul-putol iyong inyong sinasabi. Ano po iyong hiningi ninyong permiso sa tanggapan po ng Secretary?

DIRECTOR CABRAL: Pagkatapos po ng Bagyong Ulysses at nakita po natin na mayroon pang ilang munisipiyo o munisipalidad sa Probinsiya ng Rizal hindi pa po nakakabangon, humingi po ako ng permiso sa ating Secretary na bigyan ako ng pahintulot na suspendihin ang mga distance learning activities sa Cainta, sa Tanay at sa iba pang lugar na apektado kabilang na po dito ang San Mateo, at binigyan po tayo ng pahintulot ng ating Secretary na suspendihin muna ito sa loob ng isang linggo para po makabangon at muli ay maisaayos ng ating mga magulang at mga mag-aaral ang kani-kanilang mga sarili para sa pagpapatuloy ng distance learning.

USEC. IGNACIO: Okay, salamat po. Para naman po kay Usec. Diosdado San Antonio. Usec., hindi pa rin po matapos-tapos iyong naglalabasang errors at issues sa mga modules. Wala po ba kayong tinatawag na central committee na nagsusuri sa mga ito at kung mayroon pong sanction na ibinibigay sa mga sumusulat po ng maling module? Mayroon po bang ganoon, Usec.?

USEC. SAN ANTONIO: Nag-create po tayo, dinagdagan ang mga tao sa regional offices po, pinalaki natin iyong grupo na gumagawa po ng tinatawag nating evaluation ng learning resources. At maliban po diyari, para po sa mga susunod na gagamitin, mayroon

na rin po kaming proseso, malapit ng ma-procure iyong mga academic ano natin – parang third party evaluators po para nga po maiwasan ito.

Gusto ko rin pong bigyang diin na hindi lahat ng nagiging viral sa social media ay nakikita natin na gawa ng DepEd. Iyon pong mga validation natin halimbawa po iyong Ostrich, wala pa pong paaralan na nagsasabi na ginamit iyon sa kanilang lugar at ang trend naman po ay pababa na rin iyong mga nari-report.

Ang katotohanan nga po niyan, ang nalimbag natin ay about 800,000 pages pero po ang na-report, na-validate as of the other day ay mababa naman po sa 130 at iyon pong naproseso ng Central Office na 130 validated errors na ito ay mababa naman sa 30 at ang iba po ay iyon pong hindi nakarating sa Central Office quality assurance na nasa Region at Division Office, iyon po ay inaayos.

Siyempre po, kapag mayroong mga nakikitang mali talaga ay nag-i-issue tayo ng errata o erratum at iyon pong mga seryosong pagkakamali ay ongoing po iyong pag-iimbestiga at pag-aalam kung bakit nangyari iyon at may mga proseso naman po ang Kagawaran para mabigyan ng sanction if ever kung mapatunayan na iyon pong pagkakamali ay deliberate o talagang ginawa niya iyon para maging mali o mai-promote kung ano man iyong kaniyang sariling paniniwala.

USEC. IGNACIO: Opo. Balikan po natin ulit si Secretary Briones. Secretary, malapit na pong matapos ang first quarter ng school year, kumusta po ang overall assessment ng DepEd sa nagdaang dalawang buwan; ano po iyong kailangan pang pagtuunan ng pansin lalo na po sa ating blended learning system?

DEPED SEC. BRIONES: Sa aking paningin bilang Secretary of Education, tama iyong desisyon natin na ipagpatuloy ang pagbukas ng paaralan dahil kitang-kita naman natin na kung anim na buwan o pitong buwan ang mga bata ay hindi nag-aaral, may epekto ito sa kanila – mental at saka maiiwanan sila sa pag-acquire ng knowledge and learning at paghahanda sa outside world.

Ganoon din ang nangyayari sa teachers natin, limang buwan, anim na buwan na hindi nagtuturo eh siyempre mayroong loss din which is also involved there.

Pero ang pinakamalaking loss lahat na pag-aaral nagpapakita ay sa mga bata kasi kung ang isang bata ay 10 years old and by the time we open classes, 11 years old – ang haba na, ang lawak na ng kaniyang catchup kumbaga. At saka sa buong mundo, halos lahat na bansa maliban sa isa ay nagbubukas talaga ng paaralan.

At saka historically, dahil tinitingnan natin kung anong nangyayari dati sa ating bansa, even at the height of World War II hindi naman tinigil ang pag-aaral sa mga bayan, sa mga siyudad, patuloy iyong schools at saka sa kabundukan kung saan nag-evacuate ang mga mamamayan. Tulad ng pamilya ko na nasa bundok, ang mother ko ay teacher, ay patuloy niyang tinuturuan. Walang nag-order sa kaniya, ginather niya iyong mga bata,

tinuruang magbasa, tinuruang magsulat gamit ang dahon ng bananas at saka sharpened bamboo sticks – and that is how I learned to read and write during a World War.

And so, patuloy din ang edukasyon and we are following that tradition na halimbawa nagkasakuna tayo sa Marawi, nagkaroon tayo ng political conflagration kumbaga—hindi naman conflagration, disturbance eh talagang we saw to it that more than 20,000 learners were accommodated elsewhere at hindi natin pinabayaan ang Marawi.

At saka iyong sinasabi natin ano pang adjustments gagawin, alam mo naman Usec. Rocky na every year, year in and year out, may sakuna – whether natural, whether manmade or whether political or otherwise. So sanay na ang DepEd na mag-adjust, automatic iyan kung may bagyo, may earthquake, etcetera. This one nadagdagan, na-exacerbate dahil mayroon naman tayong pandemic. Pero mayroon nang mechanisms in place na talagang immediately nagri-react tayo.

Eh ngayon malaki ang concern tungkol sa mga modules na nasisira, kung how fast we can replace them. Kagaya ng sinabi ko kanina, ini-encourage natin ang paggamit ng ibang pamamaraan sa pagbigay ng learning. Kaya nga we are encouraging the increased use of our facility, sa ating mga IT facilities natin, sa ating tinatawag na DepEd Commons at saka more than 200 na television programs ang na-develop ng Department of Education, may radio – ginawa natin iyan sa Bicol, ginawa natin iyan sa Sarangani and in many other places na radio ang ginagamit pag-transmit.

Hindi tayo mapapako sa nasisirang materials dahil sa blended learning, iba't ibang paraan ang gagamitin. So sinasabi na nga namin kanina na ini-encourage natin, namin, nating lahat ang ating mga schools sa ating sistema na hindi lamang ang papel ang ating aasahan dahil kung walang papel hindi ma-print therefore hindi na tayo makapagpatuloy sa education effort. Eh ako, natuto akong nagsulat sa dahon ng banana leaves dahil iyong banana leaves may line iyan, parang pad paper iyon at sharpened bamboo sticks, natuto akong magbasa niyan during the war years. Eh iyan nagawa noon, panahon ng worldwide conflagration so we are looking at our own experience and we know ang Pilipino ay talagang napaka-creative. So kung hindi puwede sa printed module, there are alternatives kaya nga blended.

Ngayon may tanong din kanina na ano bang sanctions ang ating ini-impose. Lahat ng agencies ng gobyerno mayroon namang administrative maski sa PTV-4, sa PCOO, mayroon tayong administrative system kung saan sini-settle iyang mga ganoong klaseng problema. Pero iyong sa amin, regulatory ang aming trabaho. Pero we have consulted kasi you are asking for sanctions, because of course you know that a good number of the materials na sinasabing amin ay hindi amin, eh we have consulted the Department of Justice on what further actions we can take beyond our regulatory ano.

Kung halimbawa hindi pala DepEd ang gumawa, eh 'di hindi namin masa-subject sa aming internal system na sina-sanction iyong aming teacher o ang superintendent o mini-meeting ang eskuwelahan kasi galing sa labas iyong mga materyales na iyan na hindi naman mati-trace at hindi naman makikita. So humingi kami ng tulong and advice sa

Department of Justice on what we can do kasi nag-i-investigate naman kami, na-establish namin na mayroon talagang hindi amin pero sinasabing amin at ginagamit ang seal ng Department of Education.

So as for sanctions, we will listen to the advice of the Department of Justice on the findings related to materials which are attributed to us like iyong malisyoso na material or whatever, at saka mga false news, kunwari movement, mayroong call, mga anti-corruption, etcetera. Tini-trace namin, the person does not exist and so on and so forth. So that is already outside the regulatory mandate of the Department of Education and we have sought the advice of the Secretary of Justice on this matter. Thank you.

USEC. IGNACIO: Okay. Maraming salamat po sa inyong panahon, Secretary Leonor Briones, kasama rin po, salamat na rin po kay Usec. Diosdado San Antonio, NCR Regional Director Malcolm Garma at Regional Director Wilfred Cabral. Maraming salamat po sa DepEd.

BENDIJO: Samantala, ilang OFWs sa Agusan del Sur na umuwi noong kasagsagan ng COVID-19 pandemic ang tinulungan ng lokal na pamahalaan. Narito po ang report:

[NEWS REPORTING]

USEC. IGNACIO: Samantala, sa ibang balita naman po, mga apektadong pamilya sa Tuguegarao City na naapektuhan ng mga nagdaang bagyo ay patuloy na pinaaabutan ng tulong. Narito po ang report:

[NEWS REPORTING]

USEC. IGNACIO: Isa rin po ang kanilang probinsiya sa mga lubhang naapektuhan ng mga nagdaang bagyo sa bansa kaya naman po upang alamin ang update sa kanilang muling pagbangon, makakausap po natin si Mayor Lenyabelle Santos ng Malinao, Albay. Magandang araw po, Mayor.

MALINAO MAYOR SANTOS: Magandang araw po. Magandang araw din po sa mga nakikinig at nanunood po.

USEC. IGNACIO: Opo, kasama ko po si Aljo Bendijo. Mayor, kumusta na po ang inyong bayan? Unti-unti na po bang nakakapag-adjust iyong ating mga kababayan mula po doon sa iniwang pinsala ng bagyo?

MALINAO MAYOR SANTOS: Opo, medyo nakakapag-adjust na po ang Malinaonon sa nagdaan pong mga bagyo and continue naman po ang pagsuporta ng lokal na gobyerno para po dito po sa amin sa Banwaa ng Malinao.

USEC. IGNACIO: Sa ngayon, patuloy pa rin po ba iyong pagdating ng mga donasyon o tulong? At ano po ba iyong mga pinakakailangang tulong ng ating mga kababayan diyan, Mayor?

MALINAO MAYOR SANTOS: Talaga pong marami po ang tumutulong sa atin dito po sa Malinao. Ang kailangan lang po talaga, ang initial na need po ngayon as of today, kailangan po talaga ng mga shelter materials po ng mga tao po dito po sa amin since talagang marami po ang totally damaged houses po dito po sa amin sa Malinao. Kaya iyon po talaga ang talagang pangangailangan namin sa ngayon.

Marami naman pong mga different government agencies and NGOs na talaga pong umaalalay po sa amin dito. Pero kahit po marami po sila, medyo malaki po kasi talaga ang damage po sa amin dito sa Malinao.

USEC. IGNACIO: Opo. Mayroon pa rin ba pong kasalukuyang isinasagawang clearing operations diyan o naibalik na po ba iyong power supply sa ating mga bayan diyan, Mayor?

MALINAO MAYOR SANTOS: As of today din po, nagki-clearing operation pa po kami sa mga kalsada po especially po sa mga irrigation dahil talaga pong nabaha kami na iyong mga debris po, doon po talaga lahat naipon. And as of today din po, wala pa rin po kaming kuryente.

USEC. IGNACIO: Naku, napakahirap niyan po, Mayor.

MALINAO MAYOR SANTOS: Opo, napakahirap since kami rin po sa munisipiyo, dahil nasira din po ang aming munisipiyo, pati po kami ay nag-evacuate. Kaya nandito po ang mga offices namin dito po sa evacuation center sa Malinao.

USEC. IGNACIO: Kumusta naman po kayo diyan sa evacuation center, Mayor, dahil iyan ang ginagawa ninyong tanggapan? Kumusta naman po iyong ating health and safety protocols po?

MALINAO MAYOR SANTOS: Bago naman po sila makapasok po dito sa evacuation center, ini-scan po natin sila diyan po sa may entrance para naman po sigurado po tayo na dahil nasa pandemic pa rin po, iyong health protocol po ay talagang pinapatupad pa rin po natin dito sa banwaa.

USEC. IGNACIO: Sa muli pong pagbangon ng inyong probinsiya, anu-ano po ba iyong mga uunahin ninyong pagtuunan ng pansin, Mayor?

MALINAO MAYOR SANTOS: Ang relocation po ng mga affected families para po every time na magbabagyo, hindi na po tayo laging nag-i-evacuate para sa mga pamilya. So hinihingi ko po ang tulong ng government, different government agencies para po matulungan po kami dito. Dahil every time po na may bagyo ay nag-i-evacuate po kami ng nasa coastal area. Taun-taon na lang po ay iyan ang nagiging problema namin. So ang kailangan talaga po namin ay mai-relocate iyong mga houses po especially iyong mga nasa coastal areas.

And ongoing din po ang ating cash for work para po sa mga naapektuhan ng bagyo. Although, lahat naman po kami ay affected, pero siyempre po ay may mga pina-prioritize tayong mga pamilya na alam po natin ay walang pinagkukunan ng pang-araw-araw po nila.

USEC. IGNACIO: Mayor, kami po ay umaasa sa mabilis na pagbangon ng inyong bayan ano po. Kunin ko na lamang po ang inyong mensahe sa ating mga kababayan diyan sa Albay.

MALINAO MAYOR SANTOS: Sa akin pong mga kababayan dito po sa Malinao, nandito po ang LGU para po magtulungan po tayo. Unti-unti po tayong makakabangon dito po sa Malinao like po noong nangyari sa atin last year, noong Bagyong Tisoy, naapektuhan din po tayo pero nakabangon din po tayo. Basta ang LGU at ang national government, nandiyan po, nakaagapay po sa atin. At lahat po ng mga donasyon na mari-receive po ng munisipiyong, lahat po iyan ay makakarating po sa mga kababayan ko dito po sa Malinao.

USEC. IGNACIO: Maraming salamat po sa inyong oras, Mayor Lenyabelle Santos ng Malinao Albay.

Para sa iba pang balita, puntahan naman natin si Jorton Campana mula sa PTV Cordillera.

[NEWS REPORTING]

USEC. IGNACIO: Maraming salamat sa iyo, Jorton Campana.

BENDIJO: Mula naman sa PTV Cebu, may ulat din si John Aroa. John?

[NEWS REPORTING]

BENDIJO: Daghang salamat, John Aroa.

USEC. IGNACIO: Mula naman sa PTV Davao may ulat si Jay Lagang. Jay?

[NEWS REPORTING]

USEC. IGNACIO: Maraming salamat sa iyo, Jay Lagang.

Samantala, dumako naman tayo sa update kaugnay sa COVID-19 cases sa buong bansa. Base po sa tala ng Department of Health as of November 26, 2020, umabot na po sa 424,297 ang total number of confirmed cases, naitala ang 1,392 new COVID-19 cases kahapon. 27 katao naman ang bagong bilang ng mga nasawi kaya umabot na sa 8,242 cases ang kabuuang bilang ng COVID-19 deaths sa ating bansa, ngunit patuloy rin ang pagdami ng mga nakaka-recover na umakyat na sa 387,266 with 328 new recoveries recorded as of yesterday. Ang kabuuang total ng ating active cases ay 28,789.

Patuloy po tayong magtulungan na masugpo ang COVID sa pamamagitan po ng pagsailalim ng COVID-19 test kung kinakailangan at siyempre katuwang pa rin po dito ang Philippine Red Cross. Kung nais po ninyong magpa-swab test sa Red Cross narito po ang mga hakbang na dapat ninyong gawin:

[VTR]

BENIJO: Samantala, inaanyayahan po ang mga kababayan nating jeepney drivers na magparehistro sa service contracting program ng Department of Transportation at LTFRB upang magkaroon sila ng dagdag kita ngayong panahon n pandemya. Bukas ito sa mga tsuper ng traditional jeepney na pumapasada sa mga binuksang ruta ngayon ng LTFRB. Tuluy-tuloy ang registration hanggang sa araw ng Linggo, November 29, sa Quezon City Memorial Circle Basketball Covered Court, alas-otso ng umaga po iyan hanggang alas-singko ng hapon, ngunit bago magtungo roon, kailangan munang magparehistro. Hanapin lamang ang Google form link sa Facebook page ng LTFRB. Makikita rin sa Facebook page ng ahensiya ang mga dapat dalhin na requirements. Mahigpit na ipinatutupad po ang health safety protocols sa nasabing registration.

USEC. IGNACIO: At iyan nga po ang mga balitang aming nakalap ngayong araw, maraming sa mga naglaan ng kani-kanilang oras sa pagbibigay linaw sa mga impormasyon na mahalagang malaman ng ating mga kababayan.

BENIJO: Ang Public Briefing ay hatid sa inyo ng iba't ibang sangay ng Presidential Communications Operations Office sa pakikipagtulungan ng Department of Health at kaisa ng Kapisanan ng Brodkaster ng Pilipinas (KBP).

USEC. IGNACIO: Asahan ninyo ang aming patuloy na pagbibigay impormasyon kaugnay sa mga updates sa ating paglaban sa COVID-19 pandemic. Maraming salamat din po sa Filipino Sign Language Access Team for COVID-19.

BENIJO: Samantala, 28 days na lang Pasko na! Bagama't patuloy pa rin ang pagharap natin sa krisis na dulot po ng COVID-19, tuloy lang po ang ating pagtutulungan at pagmamahal sa kapuwa dahil iyan ang tunay na diwa ng Pasko. Mula po sa Presidential Communications Operations Office, ako po si Aljo Bendijo.

USEC. IGNACIO: Taga-PCOO ka na.

BENIJO: Maraming salamat, USec. Pati Radyo Pilipinas na.

USEC. IGNACIO: Natawa ako doon. Sa ngalan po ni Secretary Martin Andanar, ako po si USec. Rocky Ignacio ng PCOO. Magkita-kita po tayong muli bukas dito lamang sa Public Briefing #LagingHandaPH.

##

--

News and Information Bureau-Data Processing Center